# Matandang Babae sa Burol

Noong unang panahon, may matandang babaeng nakatira sa isang burol. Mahaba angbuhok niya at kakaiba ang anyo. Galit ang mga tao sa kaniya dahil mula nang mapunta siya rito ay maraming masamang nangyari.

Namamatay ang mga pananim at alagang hayop. Dumarami ang mga daga't kulisap na nagdadala ng peste. At sunod-sunod na nagkakasakit ang mga bata. Kaya inisip nila na ang matandang babae ang nagdadala ng salot sa kanilang lugar.



Nag-isip ang mga tao para mapalayas ang matanda. Tuwing makikita ay kinukutya nila ito. "Matandang aswang, lumayas ka dito!" sabay bato sa matanda. "Maawa na kayo sa akin, wala naman akong kasalanan sa inyo," pakiusap ng matanda. Ngunit patuloy ang mga tao sa ginagawa nila sa kanya. Hindi naman ito pinansin ng matanda at hindi siya umaalis.

Isang araw, lumindol sa kanilang lugar. At pagkatapos ay tuloy-



tuloy na umulan at bumaha. Tanging ang burol sa mataas na lugar na lamang ang ligtas. Ang bahay lamang ng matanda ang nakatayo rito. Buong pusong tinanggap ng matanda ang mga tao.

"Halikayo, mapanganib diyan sa labas," wika niya. Hiyang-hiya ang mga tao sa ginawa nila sa matanda.

Labis-labis ang pagsisisi nila. "Patawarin niyo po kami," wika nila.

"Walang anuman." Nakangiting sagot ng matanda. "Nawa'y maging mabuti na kayo sa inyong kapuwa maging anuman ang kanilang anyo," payo ng matandang babae.

Simula noon, "Burol" na ang ipinangalan ng mga tao sa kanilang barangay. Pag-alala ito sa lugar na inakyat nila sa panahon ng trahedya at nagligtas sa kanila.